# Silang, Carmona among the richest municipalities in PH – COA

See page 2

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 4 | 10.00 | OCTOBER 24 - 30, 2022

# TMC MAYOR HIGHLIGHTS FRUITFUL ACHIEVEMENTS IN FIRST 100 DAYS

by DOMZ B. CAOILE




*LOLA Leonora Espiritu Gabitanan of Brgy. Cabuco (seated in a wheelchair) posed for a photo with Mayor Gemma Lubigan, 2nd from far right, and Vice Mayor Bobby Ricohermoso, 3rd from left, along with her relatives who are holding a replica of the big check in the amount of P100,000.*

IN her facebook page and interviews with local media persons, Trece Martires City Mayor Gemma B. Lubigan shared on her first 100 days in office.

Under Lubigan's second term as city government chief executive, the city was able to formulate its recent executive-legislative agenda for the city's development.

Lubigan said that every Trecenos can hope that in the coming days and years together with all the city departments heads and employeesd, and with the solid cooperation of the City Council led by Vice Mayor Bobby Montehermorso, she will provide high quality service through prudent, effective, and efficient governance.

Lubigan noted that the first month of her administration saw business tax collection had increased as a result of the renewed information campaign and constant reminder to businesses on the obligation to the city government.

During her first 100 days, Lubigan -- who is the first lady mayor of TMC -- said that the green and cleaning program of the city's public places, barangays and subdivisions have been successful.

In the field of health, Lubigan said that the city government has been devoting considerable amount and medical services against Covid-19 and other sicknesses.

Just recently, from the city's fund, Lubigan gave centenarian Lola Leonora Espiritu Gabitanan of Brgy. Cabuco a check worth P100,000 as she is entitled that amount as mandated by law.

Recently, the mayor also gave financial assistance 75 individuals in crisis situation in the LGUs program called AICS.

Lubigan had also gave educational assistance to poor but bright students from needy families and had distributed financial assistance to solo parents, PWDs and rendered other social services to people in need.

She also activated the implementation of curfew hours for children below 18 years old and ordered police officers, barangay officials and other civic organizations to help minors off the streets from 10 pm up to 4 am.

"Our children is our future, let us all protect them," said Mayor Lubigan.

She also asked help from business establishments to give equal job opportunities for senior citizens, PWDs, and solo parents in the city.

Lubigan said that the city government will continue giving assistance to Trecenos affected by tragedies, calamities as well as those suffering from sicknesses.

The mayor thanked all department heads and employee, the city's Sanggunian and the barangay officials and also the civic minded organizations in helping realize the achievements in her first 100 days in office.




*DISTRIBUTION of assistance to indigents familes in Trece Martires City with Mayor Gemma Lubigan.*




*Lady chief executive Gemma Lubigan addressing people in distress who recently received their 'hope assistance.'*

# Pagpatay kay Percy, di pa case closed: Atty. Causing

ni Ed 'Muto' G. Cuenca



Atty. CAUSING

PINAG-IISIPAN ng pamilya ng pinaslang na brodkaster na si Percy Lapid (Perciva; Mabasa) na kasuhan ang sinuspinding hepe ng Bureau of Corrections (BuCor) na si General Gerald Bantag, na ayon sa pulusya ay kabilang sa 160 persons of interest sa krimen.

Sa mga brodkast ni Lapid, nabatid na nabatikos si Bantag at iba pang personalidad na hindi pinangalanan, kabilang ang ilang politiko at dalawa pang heneral ng pulisya at militar.

Iniutos ni Presidente Bongbong Marcos na suspindihin si Bantag kaugnay suspetsang may misyeryo sa pagkamatay ni Cristito "Jun" Villamor, na namatay sa selda nito sa New Bilibid Prison, ilang araw matapos ituro ni Joel Escorial na ito ang kumontra para patayin si Lapid.

Ayon kay Escorial -- na sumuko sa pulisya -- P550,000 ang halagang bayad sa pagpatay kay Lapid na isinagawa noong Okt. 3, alas 8 ng gabi sa Las Pinas City.

Inutusan ni Marcos si Justice Sec. Boying

*Sundan p.2*

AWS

ALFFEJEN WATER SERVICES

ALFFEJEN Water Purifier Installation Services is a registered service that install a quality Commercial, Industrial and Residential Water Treatment System, whether it is a Deepwell or Water District Source. We install Reverse Osmosis System, Water Filtration System, Alkaline Drinking System and Water Refilling System Nationwide.

Through AWS skilled team, quality products, excellent service and great - after sales,we can firmly assure that our clients receive a pure, safe and clean water.

For further information, kindly message us on our FB page: ALFFEJEN WATER SERVICES, or you may contact also at these numbers:09279182878 /09668963151

# Silang, Carmona among the richest municipalities in PH

IS it true that Silang and Carmona are among the richest municipalities in the Philippines?

In an article by Jimwell Aquino, of The Cavite Rising, dated January 2, 2022, we quote the following:

"The towns of Silang and Carmona, both located in Cavite's fifth district, were among the country's wealthiest municipalities, the Commission on Audit (COA) reported.

"According to its 2020 Annual Financial Report for Local Government Units (LGUs), Silang was the second richest municipality, with a total of P4,238,550,000 in assets.

"Silang's assets increased by P395,940,000 this year compared to its total assets of P3,842,610,000 last 2019.

"Onthe other hand, Silang posted a total of P2,090,910,000 in liabilities, putting the town in first place."

Aquino further said in his article that along with Silang, " the municipality of Carmona took the eighth rank with total assets of P2,471,610,000."

The 2019 report of COA indicated that Carmona was placed tenth in the 2019 report, with just a total asset of P2,075,790,000.

"In terms of the net assets, or the difference between total assets and liabilities, Silang has at least P2,147,640,000, while Carmona has P2,131,080,000, putting them in sixth and eighth place, respectively."

This year, according to COA report, ", Cavite province's total net assets reached P12,425,723,000 this year, higher from P10,098,362,000 in 2019."

In alphabetical order, the COA listed the total net assets for each city and municipality in Cavite:

The cities, Bacoor -- P4,168,165,000; Cavite – P1,489,514,000;Dasmariñas – P7,763,708,000; Gen. Trias – P3,907,488,000; Imus – P3,089,964,000; Tagaytay – P4,915,634,000; and Trece Martires – P2,013,582,000.

In alphabetical order, Alfonso -- P307,543,000; Amadeo – P243,341,000, Carmona – P2,131,080,000, Gen. Emilio Aguinaldo – P170,207,000; Gen.Mariano Alvarez – P451,969,000; Indang – P308,464,000; Kawit – P403,331,000; Magallanes – P182,509,000; Maragondon – P224,410,000; Mendez-Nuñez – P293,640,000; Naic – P1,020,154,000; Noveleta – P139,228,000; Rosario – P1,619,415,000; Silang – P2,147,638,000; Tanza – P943,800,000; Ternate – P153,200,000.

Ano sa palagay nyo, dear readers?

# Pagpatay kay Percy, di pa case closed: Atty. Causing

*mula sa p.1*

Remulla na imbestigahang mabuti ang krimen nang makilala ang utak sa pagpatay kay Lapid.

Magkapatid na Edmon at Israel Dimaculangan at isang Orlando or Orly ang itinuro ni Escorial na kasabwat bukod sa isang Christopher Bacoto na umakto ring middleman , acted as middlemen sa krimen.

Sa panayam, sinabi ni Sec. Remulla na plano ng pamilya Mabasa na kasuhan si Bantag sa kasalanang reckless imprudence na nagresulta sa pagkamatay ni Lapid.

Nakakagamit ng cellphone sa loob ng Bilibid si Villamor kaya nakontak ang umaming killer, ayon sa imbestigasyon.

Kinumpirma ni Atty. Berteni 'Toto' Causing, tagapagsalita ng pamilya Mabasa na posible ngang kasuhan nila si Bantag.

"Kung naging maayos ang pamamahala, walang makagagamit ng cellphone sa loob ng kulungan," sabi ni Causing na kasong administratibo ang dagdag na kaso ang balak nilang isampal laban kay Bantag sa DOJ o sa Office of the Ombudsman.

Kinontra ni Causing na lutas na ang krimen sa pagkahuli kay Escorial, ayonb sa pahayag ng pulisya.

"Hanggang hindi nakikilala at nahuhuli ang mga kasabwat at ang utak, there is no such thing as case closed," sabi ni Causing na bago naging abogado ay isang beteranong peryodista at editor ng People's Journal.

Patuloy ang imbestigasyon, sabi ni Remulla na sinabi: "Hanggang hindi natin alam ang puno't dulo at ang lahat ng detalye at makuha ang lahat ng ebidensiya, hindi maaaring maisarado at sabihing solved na ang pagpatay kay Lapid."

# Mayor Honey dumalo sa C40 World Mayors Summit

**ni Adela R. Zamora**

DAHIL sa pagkilala sa pangangalaga at malasakit sa likas-yaman at hangad na mabuti ang klina sa Lungsod ng Maynila, dumalo si Manila Mayor Maria Sheilah 'Honey' Lacuna-Pangan sa ginanap na C40 World Mayors Summit sa Buenos Aires, Argentina .

Sabi ni Mayor Honey -- ang unang babaeng alkalde ng Maynila -- na ang imbitasyong tinanggap ay patotoo hindi lamang pangarap kungdi isang mahalagang tungkulin ang gawing maunlad ang isang lungsod tulad ng Maynila.

"Manila stands today as a testament to what a city can be when excellence is not an aspiration but a duty," sabi ng alkalde na isa ring mahusay na doktora sa medisina.

Sa pagdalo sa kumperensiya ng C40 World Mayors Summit, sinamahan si Mayor Honey ni Manila Disaster Risk Reduction and Management Office Director Arnel Angeles, Department of Public Services OIS Kay Nicole Amurao, at nina District II Councilor Numero Lim at Dist. III Councilor Timothy Oliver Zarcal.

Sa unang 100 araw sa tungkulin, nakita ng mga Manilenyo ang mabilis na pagganda ng siyudad sa ginawang urban greening program, tulad ng pag-aayos at pagpapaganda ng mga parke, at mga pook pasyalan at halamanan, pagpaparami ng sasakyang de koryente, programa sa recycling, re-use and reduce ng mga basura, paglilinis sa mga kalye, imburnal at mga daang tubig at patuloy na programa sa pagbabakuna, pagpapabuti ng lahat ng serbisyo sa trabaho, hanapbuhay, negosyo, at iba pang tulong sa mga mamamayan lalo na sa mga seniors, PWDs at iba pang sektor sa siyudad.

Kamakailan, nilikha ng pamahalang lokal ang 10-year local climate change action plan tungkol sa paggamit ng elektrisidad at iba pang enerhiya, pagsasaayos ng trapiko at transportasyon, kalinisan at maayos na paglikom at pagtatapon ng basura, at mga programa sa kapaligiran, negosyo, industria at maging sa siyensiya at teknolohiya.

Tinalakay sa summit ang pagiging bahagi ng Maynila bilang isa sa siyudad na tutulong upang mabigyang solusyon ang krisi sa nagbabagong klima sa buong mundo.




*MULA kay London Mayor Sadig Khan, tinanggap ni Manila Mayor Honey Lacuna ang plakeng na katibayan ng pagdalo sa C40 World Mayors Summit.*

*Si Khan ang tumayong chairman ng Summit na ginanap sa Argentina na kinilala ang Maynila bilang isa sa katuwang sa pagtataguyod sa kampanya laban sa climate change. / Larawan mula kay Konsehal Numero Lim/*

# 'Green Revolution' to help PH achieve food security: OPS

IN its bid to assist the country in achieving food security, the Marcos Jr. administration has launched a new initiative aimed at increasing the production and supply of fresh fruits and vegetables.

On Tuesday, October 26, the Department of Agriculture spearheaded the "Green Revolution 2.0: Plants for Bountiful Barangays Movement" at the Rizal Park in Manila.

The Green Revolution 2.0 seeks to improve the nutrition of Filipinos by increasing the production and availability of fresh fruits and vegetables in urban, peri-urban, and rural areas, a press statement from the Office of the Press Secretary (OPS) said.

The OPS said the project encourages Filipinos to grow vegetables in their homes to lessen the strain on the nation's food system and supply chain.

According to the DA, the program aims to tranform communities into patches of green edible landscapes by establishing vegetable gardens.

To ensure the program's sustainability, the department will also establish provincial production centers to serve as consolidation areas for producers and consumers.

Funds have been set aside to help participating barangays purchase inputs such as seeds and garden materials, its statement said. /Prince Golez

# PCG Marine Pollution Exercises sa Manila Bay

NAGPAKITANG gilas kahapon, Okt. 27 ang mga tauhan ng Philippine Coast Guard (PCG) sa ginanap na Marine Pollution Exercises sa Manila Bay na ipinakita ang kasanayan ng mga ito sa search and rescue operations, firefighting, at oil spill response.

Ayon kay PCG Commandant Admiral Artemio, lumahok sa aktibidad ang Department of Transportation, Office of Civil Defense, PNP Maritime Group, at Bureau of Fire Protection.

"Mahalaga ang

*Sundan sa p.5*

# Thank you po, dear readers, sponsors!



**THE PUBLISHER**

**by Henry E. CAOILE**

MARAMING salamat po, we are now on our fourth issue of BantayBalita and we would like to express our sincerest gratitude: Kasi, ang daming magagandang feedback kaming natatanggap mula nang mailabas ang aming maiden issue.

Nasagot na ang unang tanong namin noon, kung may pangangailangan pa ng isang weekly paper in Cavite.

Thank you po, we appreciate your patronage and as I am writing this, may nagpapasabi na nais nilang magpa-advertise at ano pa ang aming maisasagot kundi, sige po, anytime po.

We are slowly growing, I must admit and the birth pains are now gone now I see the improved layout, fresh news coming from Cavite's LGUs and elsewhere.

May espasyo po kami para sa mga reklamo mula sa ating readers but like what we said freedom of speech has its limit: bawal ang malisyosong pagbabalita, no misinformation or disinformation.

If in case we 'accidently published' critical expression against someone, we will give the 'aggrieved party' the opportunity to give his/her 'true version' of the story.

By this, we will be able to secure true freedom.

As our title suggest, BantayBalita (BB) will be your 'Watcher.'

Kung may kailangang punahin, ating pupunahin at pupurihin natin ang dapat na purihin.

We will protect the free public discussion of issues.

Kung may comment kayo, magpadala lang ng mensahe sa mga email na ito: domzcaoile @yahoo.com o sa taparaneliseo@gmail.com o sa lukasdasilva990 @gmail.com.

Undas ngayon, ingat, ingat, at happy weekend.

Happy birthday po pala sa aming Special Projects Director, at dating National Press Club Director, Mommya Adela R. Zamora ngayong Oct 29.

More blessing po, Mommy Adela!



*Cavite media's granddame, Mommy Adela R. Zamora (right) with best friend <s. Michaela Rivera Jimenes, Treasurer of HH3 Home Owners Association in Loma de Gato, Marilao, Bulacan.*

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1.
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
Phone: 09274890759 / 09289406369
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com

Publisher: HENRY E. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Executive Editor: DOMZ B. CAOILE
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Circulation Manager: LIZA FE BONETE
Contributing Editors: RUEL B. FRANCISCO,
NOLI LIWANAG, BIG 'BOY' JAVINES
Writers: LUKAS DA SILVA, GENE T. TAN
ED G. CUENCA, RICKY 'TISOY' CARVAJAL
Art & Production Manager: ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.
Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.
Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

# Repeal ASIN Law!



**SA TOTOO LANG!**

**by GENE T. TAN**

SA isang Facebook page ni Mr. Joy M. Taparan, chairman ng Samahan ng Magsasaka sa Eloy Dam, binanggit niya ang malaking pagpapasalamat sa programa na natanggap nila mula sa pamunuan ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), isang ahensiya sa ilalim ng Department of Agriculture (DA).

May hashtag na #SalaysayMangingisda, nagbigay ng testimonya si Mang Joy kung paano sila natulungan ng BFAR Cavite at ng Agri/Fisheries official ng ating provincial government.

Sipiin natin ang kanilang salaysay ni Mang Joy.

"Maraming salamat po sa lambat, tansi at fingerlings para po sa pagtatayo ng aming Brush Park na pinagkaloob po ng BFAR 4A sa amin, sa ilalim po ng BASIL Project.

"Nagpapasalamat po ang lahat ng miyembro na bumubuo sa aming samahan.

" Makakaasa po kayo na amin pong iingatan ang mga kagamitan na inyo pong ibinigay sa amin.

"Gayundin po sa breeders ng tilapia na inihulog namin sa aming brush park na amin pong pararamihin at gagamitin para sa ikaaasenso ng mga miyembro ng aming samahan.

"Patuloy niyo pa po sana kaming tulungan at suportahan sa mga susunod na proyekto ng aming samahan. Maraming maraming salamat po."

Kung wala kayong magsasaka, mangingisda, ano ang aming ihahain sa hapag-kainan?

Para sa amin, kayo ang tunay bayani, tunay na public servants ng mamamayang Filipino.

@@@

NAKAKADISMAYA, isipin mo, halos patay na ang industriya ng asin sa ating lalawigan.

Early 60s-80s, ang dami pang irasan (asinan) sa coastal towns natin tulad sa Bacoor, Kawit, Rosario at Tanza sa pagkaalam ko, pero ngayon, wala na talaga, at 'yung irasan sa Las Pinas, ay, subsividion na.

Ayon sa datos, iniimport natin ang ginagamit natin asin, halos mahigit sa 95 porsiyento ay iniimport mula sa Australia, Italy, Egypt, China at Japan,

Kung mayroon pang natitirang irasan, ito ay makikita sa Pangasinan at ilang bayan sa Ilocos region at paanong nangyari na namatay ang ating Salt Industry?

Kasi noong Dec. 1995 pinagtibay ni (+) President Fidel Ramos ang ASIN Law (Act for Salt Idodization Nationwide) na inoobliga ang mga 'Asindero' na magprodyus ng asin na may halong iodine para raw sa kalusugan ng tao at ng mga hayop.

Problema, wala namang ibinigay na ayuda sa mga Asindero, at ang Agri Department,

Mantakin nyo, tayo ang may pinakamahabang aplaya na ang tubig-dagat natin ay magagawang asin, pero nag-iimport tayo!



*Ilan sila sa magsasaka/mangingisdang binigyan ng tulong ng BFAR IV-A sa Barangay Halang, Naic, Cavite. Inset: Joy Taparan, chairman, Samahang Magsasaka ng Eloy Dam.*

*Nasa supot na plastik na ang mga binhing tilapya na ngayon ay nagsisilaki at ilang buwan lamang, maaari nang anihin at paramihin.*

Acting Agri Secretary Presisent Bongbong Marcos, ano po ba ang ating solusyon sa kahiya-hiyang kalagayang ito ng ating mga Asindero?

Panawagan natin sa ating Caviteno senators and congressmen, aba, i-repeal nyo ang ASIN Law na ito at buhayin ang ating mga Asindero.

Senators Bong Revilla, Francis Tolentino, umaksiyon na kayo.

Representatives Lani Mercado Revilla, AJ Advincula, Jolo Revilla, Roy Loyola, Ony Ferrer, Aniela Tolentino, kilos na po.

# Decriminalize use of marijuana?



AY, BUHAY
by Liza Fe BONETE

PAKIRAMDAM ni PBBM, may nangyaring 'foul play' sa pagkamatay ng 'middleman' sa pagpatay kay Percy Lapid, kaya ang utos niya sa PNP at sa DOJ, hanapin, dakpin ang mastermind ng krimen.

Sa kaso naman ng anak ng ating Justice Sec. Boying Remulla, bakit hindi na lang kinumpiska ang paketeng may lamang high grade na marijuana (kush) at inalam kung sino ang sender mula sa US.

Nakikisimpatya ako kay Sec. Boying, kasi, halimbawa, may isang tao na nais akong perwisyuhin, at nagpadala sa pangalan ko ng shabu, saka ang sender ay nagtip sa PDEA, saka dinala ang pakete sa akin na malay ko ba kung sino ang nagpadala, at pagbukas ng pakete, ayun, dinakip na ako sa kasong drug possession o drug trafficking.

Pwedeng mangyari 'yon na ako ay mai-frame-up.

Ayon sa Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002, kung mapatunayang guilty sa kasong possession ng 500 grams o higit pang marijuana (MJ) life imprisonment at multang mula sa 500,000 hanggang P10,000,00.

Sa Canada, partikular sa British Columbia, niluwagan ang paggamit ng MJ at iba pang droga na ginawa nang legal ang paggamit sa mga ito.

Mayroon sila na onsite injection hospital na ang isang adik, pwedeng makakuha ng drogang gusto niya nang libre at bahala kang magsawa hanggang gusto mo.

Kung nais namang magpa-rehabilitate na, libre din ang lahat, at pagkaalam ko, ay isang araw tuwing Abril, may festival na walang huli sa paggamit ng nais na droga sa isang lugar sa downtown Vancouver.

At may ID ang isang adik kaya pag gumawa siya ng krimen, huli agad.

Kung matapos ang jamming at pauwi na ang isang adik, dapat "matino" siya kasi, sa oras na magpakita siya ng kalokohan, dampot agad siya at sa kulungan ang bagsak.

Bukod sa Canada, legalized na ang cannabis (MJ), tulad Mexico, Uruguay, South Africa, at Thailand -- na ang tawag ay recreational cannabis, kaya ang mga drug pusher, wala nang hanapbuhay, at ang gobyerno nila ang kumikita.

Sa ibang estado ng US, legal na rin ang paghitit ng recreational marijuana legal at nabasa ko, libo-libo na ang binigyan ng pardon sa kasalanang may kaugnayan sa drogang ito.

Decriminalize na ang possession at paggamit ng MJ bilang gamot at sa paglilibang o personal na gamit.

Ayon sa pag-aaral mas malala ang perwisyong dulot ng alkohol at tabako pero ito ay legal sa atin at kahit sa sari-sari store, nakabibili.

Sa Canada, lalo na sa Vancouver, lahat ng inuming may alkohol ay tanging sa BC Liquor lamang makabibili at bawal itinda sa mga grocery, mall, lalo na sa mga tulad ng sari-sari store.

Sana ganyang ang gawin sa atin, ano po sa tingin nyo, dear readers?

@@@

SANA ay sang-ayunan ng Supreme Court ang petisyong kumukwestiyon sa postponement ng Barangay at Sangguniang Kabataan elections, kasi nga sobra na ang matagal na panahon ng kanilang panunungkulan.

Panahonb na para mag-eleksyon nang mawala na ang mga abusadong opisyal ng barangay at marami na sa SK ang nagsitanda na.

Yung matitino namang barangay officials, no worries kasi tiyak na mare-reelect sila kung tunay na mahal nila ang nasasakupan.

Happy reading po, mabuhay tayong lahat.




# Mga Tambay ililibre sa TESDA training



**Congressman Mark Go**

NAIS ni Baguio City Congressman Mark Go na gawing libre ang pag-aaral at pagsasanay ng mga tambay o mga kabataang hindi nag-aaral (out of school youth, OSY).

Sa kanyang panukala sinabi ni Go, wag nang pagbayarin ang mga OSY para maengganyo na mag-aral at magsanay ng mga kaalamang tulad ng welding, painting, electrical, at iba pang araling teknikal at bokasyonal sa pamamagitan ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA).

Dinidinig kamakailan sa Kamara de Representantes ang House Bill 3521 o "Out-of-School Youth Skills Education Act," na iniakda ni Sultan Kudarat Rep. Horacio Suansing at Nueva Ecija Rep. Mikaela Angela Suansing na ang layunin ay mabigyan ng pagkakataon ang mga tambay na kabataan na matuto ng mga kaalaman at kasanayang magagamit sa pagtatrabaho at maging produktibong mamamayan ng bansa.

Ayon kay Suansing, kung matututo ng mga kaalaman at kasanayan sa mga kursong itinuturo sa TESDA, matututong maghanapbuhay ang mga OSY, maibibilang sila sa hanay ng mga manggagawa at magkaroon ng pagkakataong kumita ng salapi para makatulong sa kanilang pamilya.

Sa panukala, libre na, hindi na pagbabayarin pa sa mga kursong nais na matutuhan ng mga tambay, lalo na ang kasanayang hinahanap ng mga employer sa ibang bansa.

# 'Pasko sa Kapitolyo' to return in La Union



Photo courtesy of facebook.com/GovRafy

*Gov. Rafy Ortega-David*

CHRISTMAS will be extra fun this year in La Union as Governor Rafy Ortega-David is finally bringing back the "Pasko sa Kapitolyo."

Ortega-David made the announcement on Tuesday, October 25, in a brief video she posted on Facebook while she was working overtime that day.

The governor said: "I am to announce to all of you na ibabalik na po natin ang ating Pasko sa Kapitolyo! At nakipag-usap na po tayo sa technical working group kung ano uyung mga programang kailangang gawin para sa Pasko."

She then asked La Union residents to comment below her post the things they would want to see during the "Pasko sa Kapitolyo."

Initial ideas she said included having light shows at the capitol or her paying a visit to residents' homes.

"Comment lang down below kung ano 'yung gusto 'nyong mangyari sa Pasko dito sa La Union. At makinig po kami at pag-uusapn natin 'yan kung ano ang puwede nating gawin," said Ortega-David.

# Bataan partners with Converge for free fiber access to 500 homes

The Bataan provincial government has collaborated with broadband provider Converge ICT Solutions Inc. in launching its Fiber to the Home (FTTH) program.

The program seeks to provide free fiber access to educational resources in 500 homes, according to Bataan Governor Joet Garcia.

The governor said the target of 500 homes is just a start, with the FTTH program eyeing to connect more than 100,000 homes in the

*See page 5*



MINAMADALING tapusin ng Department of Transportation (DOTr) ang unang bahagi nge 11.7-km. Light Rail Transit-1 Cavite Extension Project na inaasahang makukumpleto sa unang apat na buwan ng 2023.

Binalak ang proyektong magdurugtong ng linya ng trem mula sa Baclaran, Paranaque City station sa panahon ni dating Presidente Erap Estrada na hindi rin naituloy ang pagtatayo nito sa magkasunod na termino nina dating Presidente Gloria M. Arroyo at namayapang Presidente Noynoy Aquino.

Tinataya na aabot sa mahigit na 400,000 pasahero mula sa Paranaque, Las Pinas, at mga bayan at siyudad sa Cavite ang makikinabang sa mabilis na serbisyo ng LRT Line 1.

Sa isang talumpati noon ni Aquino, buong pagmamalaki na ipinangako niya na tatapusin ang proyekto at pabiro, sinabi na handa siyang magpasagasa, kasama si dating DOTr Sec. Joseph Emilio A. Abaya kung hindi matatapos ang LRT 1 sa 2016.

Sa panahon ng administrasyon ni dating Presidente Rodrigo Roa Duterte natutukan nang husto ang pagtatayo ng karugtong na linya ng LRT patungong Cavite.

Noong 2017, kinasuhan si dating Sec. Abaya at iba pang opisyal ng DOTr at ng Metro Pacific dahil sa hinalang nagkaroon ng korapsyon ang proyekto kaya hindi natapos.

Umabot na sa mahigit na 73 porsiyento ang natatapos sa proyekto, ayon sa DoTr.**/ Eli Taparan II, (PNA photo by Gil Calinga)**

# Bataan partners...

*from page 4*

province.

"Hindi lang estudyante ang mabibigyan ng koneksyon kundi pati ang mahigit na 6,000 faculty ay mabibigyan ng FTTH," Garcia said in a statement Friday.

The program was launched at the Pagalanggang National High School in Dinalupihan town last week.

A total of 50 scholars from the school will be the first beneficiaries of the program.

Converge CEO and co-founder Dennis Anthony Uy said the program emphasizes the learners' "right to information" to ensure that they receive a proper education.

"Information technology is part and parcel of students' learning at this age. I'd like to congratulate the leadership of Bataan that made this happen. Whatever the province of Bataan needs, we will support them for the education of these students," Uy said.

# PCG Marine Pollution...

*mula sa p.2*

ginawa nating exercises bilang paghahanda sa mabilis na pagresponde sakaling may sakuna sa karagatan," sabi Admiral Abu.

Ipinamalas ng mga lumahok ang mabilis na kilos sa search and rescue operation gamit ang walong sasakyang dagat at isa chopper.

Kamakailan din, ipinakita na ng PCG ang husay ng BRP Teresa Magbanua (MRRV-9701) sa unang misyon nito sa Makassar, Indonesia sa pagsali sa ginanap na Regional Marine Pollution Exercise 2022 noong May 22 hanggang 29 ngayong taon.

Kasama sa naturang Marine Exervices ag BRP Gabriela Silang (OPV-8301), BRP Malapascua (MRRV-4403) at BRP Cape Engaño (MRRV-4411).

Lumahok sa aktibidad 1,325 trainees para sa Coast Guard Non-Officer's Course.

